
Deskriptibong Pagsusuri sa Gamit ng 'Sobra' bilang Sumisibol na Pampasidhi ng mga Pang-uri sa Wikang Filipino

Lexter A. Castro

Mataas na Paaralang Rural ng UP

lacastro4@up.edu.ph

Abstrak

Kabi-kabila ang nagsisibulang mga gramatika sa wikang Filipino. Sa katunayan, karamihan sa mga ito ay hindi pa lubusang napag-uukulan ng pagsusuri maliban sa mga panaka-nakang pagtatangkang pagbangit at paglalaan ng maiikling paliwanag. Ayon kay Malicsi (2008), marami-rami na ang dapat pag-isipan sa kalakaran ng wikang pambansa mula sa palatunugan, mga salita, at maging sa pagbuo ng pangungusap. Isa sa mga halimbawang sumisibol na gramatika sa wikang Filipino na binanggit niya ay ang palasak na paggamit ng *sobra* bilang pampasidhi ng mga pang-uri. Inilarawan pa nga ito ni Ceña (2012) bilang isa sa mga “paboritong pampasidhi” ng kabataan na itinuring niya rin bilang isang pang-abay. Batay naman sa isang aklat ni Malicsi (2013) na siya nang may pinakakomprehensibo at pinakaimpormatibong pagtalakay hinggil dito, nilinaw niya na may kaibahan ang pagiging pang-abay na panggaano at pagiging pampasidhi ng *sobra*. Ilan sa mga tampok sa kaniyang pagsusuri ang pagiging obligatoryo ng paksa sa nauna kumpara sa ikalawa. Ipinaliwanag din niya na ang mga pangungusap na may pariralang pang-uring pinasidhi ng *sobra* ay nanggaling sa mga batayang pangungusap na pinagsasanib sa pamamagitan ng *embedding*. Bunga nito, nakakaltas ang makauring panlaping ma- sa mga maylaping pang-uri na siyang

nagiging sanhi ng kawalan ng paksa ng mga pangungusap. Maliban sa mga ito ay wala nang iba pang nabanggit na detalye tungkol sa pagiging panggaano at pampasidhi ng *sobra* sa wikang Filipino.

Ang nabanggit na puwang ang siyang isinaalang-alang sa papel na ito upang magdagdag ng higit pang kalinawan sa gamit ng nasabing pampasidhi sa Filipino. Isinakatuparan ito sa pamamagitan ng pagsasagawa ng deskriptibong pagsusuri sa mga kinalap na *post* at *tweet* na may taglay na *sobra* na nagbibigay-turing sa mga pang-uri. Gumamit din ng mga istruktural na lapit gaya ng paghihimay ng proseso ng *Embedding* at pagsasagawa ng *Movement Test* upang mailatag ang mga dagdag na obligatoryo at di-obligatoryong tuntunin sa pagpapasidhi ng mga pang-uri gamit ang *sobra*. Bilang resulta, nakapaglatag sa papel na ito ng dagdag na mga tuntunin sa pagpapasidhi ng mga panaguring pang-uring may kayariang hubad, maylapi, inuulit, at tambalan gamit ang *sobra*. Nakapaglatag din ng ilan pang mga obserbasyon sa pampasidhing ito tulad ng asimilasyon sa sunurang *sobra + -ng + hed* na pang-uri, ang pagiging konstiyuwent ng nasabing sunuran, at pagpapasidhi ng mga panuring na pang-uri.

Mga Susing Salita: *Sobra, Pampasidhi, Panggaano, Embedding*

Introduksyon

Maligalig na wika ang Filipino dahil sa mabilis at patuloy na mga pagbabagong nababakas dito bunga ng mga pangyayari sa mga lipunan kung saan ito sinasalita. Kung babalikan sa pilas ng kasaysayan ng Pilipinas, tatlong mananakop ang noon ay kumubkob dito. Bunga nito, umusbong at unti-unting nanuot ang mga bakas ng kontak ng mga wika ng mga mananakop sa mga wika ng Pilipinas. Patunay rito ang mga salitang Espanyol, Ingles, at Hapones na naging malaking bahagi ng ating pang-araw-araw na pagpapahayag gamit ang wikang Filipino. Unti-unti rin itong sumailalim sa ilan pang mga pagbabago dulot naman ng pagkakaiba ng mga tagapagsalita ayon sa lipunan at panahong kinabibilangan. Arbitrario kung ilarawan kaya kapansin-pansin din kung papaanong nagsusulputan ang mga varyant ng wikang pambansa batay sa konteksto.

Sinabi pa nga ni Batnag (2009) na may sumisibol pang mga pagbabago sa gramatika na hindi pa naitatala sa mga aklat panggramatika o kahit napag-ukulan man lamang ng mga pagsusuri. Kuning halimbawa ang obserbasyon nina Malicsi (2008) at Hernandez (2008) sa kanilang tugunan sa *Adyenda sa Saliksik Wika Ulat ng Kumperensiya*. Anila, marami-rami na ring maaaring pagnilayan kaugnay ng wikang pambansa mula sa imbentaryo ng mga tunog nito, mga kalakaran sa pagbuo ng mga pangungusap, at iba pa. Isang partikular na halimbawang ibinahagi nila ay ang pagiging gamitin ng *sobra* bilang sumisibol na pampasidhi o *intensifier* ng mga pang-uri sa wikang Filipino.

Ang pagdagsa ng mga sumisibol na tuntuning pangwikang ito ay isang matinding dahilan upang pangatwiranan ang pangangailangang patuloy na subaybayan at saliksikin ang wikang Filipino higit lalo sa mga pagbabagong nagaganap dito. Sa pamamagitan nito, mahahawi ang mga palaisipan sa likod ng mga tuntuning umiiral sa wikang pambansa.

Ang Pagpapasidhi ng mga Pang-uri sa Filipino

Marami-rami na ring bumuo ng mga pag-aaral sa wikang Filipino ang nagtangkang talakayin ang mga kasidhian ng mga pang-uri nito. Upang mas masubaybayan ang naging pagbabago at pag-

unlad sa pag-unawa hinggil dito, maaari itong simulan sa *Balarila ng Wikang Pambansa* noong 1939 ni Lope K. Santos. Sa aklat na ito, unang ipinakilala ang mga pampasidhi bilang pamaraan ng panukdulan sa Tagalog—nukleyus ng wikang pambansa—noon.

Naisasakatuparan ito sa pamamagitan ng sumusunod na tuntunin:

1. paggamit ng mga *panlaping kay-, ka-...-an/han, napaka-, pagka-, at pinaka-*;
2. paggamit ng mga salitang tulad ng *ano, lubha, totoo, ang lalong, sakdal, labis, pisik, hari, ulo, ubod*, at *wala*; at
3. pag-uulit ng pang-uri sa pamamagitan ng pang-angkop.

Mga bandang 1972 naman noong mailathala ang *Tagalog Reference Grammar* nina Paul Schachter at Fe T. Otanes. Kaiba sa aklat ni Santos noong 1939, dito ay tinalakay nila ang proseso ng pagpapasidhi ng mga pang-uri bilang “intensipikasyon” at hindi panukdulan. Ayon sa kanila, naisasagawa ito sa pamamagitan ng (1) pag-uulit ng salitang-ugat ng pang-uri; (2) pagkakabit ng unlaping *napaka-* pagkatapos ng pagkakaltas ng unlaping *ma-* sa mga *pang-uring ma-* kung saan hindi nagiging obligatoryo ang pagkakaroon ng paksa liban na lamang kung ang pangungusap ay nasa di-karaniwang ayos (e.g., *Napakabait ni Ben -> Si Ben ay napakabait*); (3) paggamit ng *kay* at unlaping *pagka-* at *disyllabic duplicating prefix* (e.g., *kay lakas-lakas* at *pagkalakas-lakas*); (4) paggamit ng mga pariralang *ubod ng, hari ng, at ulo ng*; at (5) paggamit ng mga salitang *totoo, lubha, masyado, totoo, at tunay*.

Samantala, itinuring naman ni Gonzales-Garcia (1999) ang mga panlapi, salita (naidagdag ang *di-hamak* at *ang*), at mga parirala (isinama ang *sukdulan ng*) na naisa-isa sa unang dalawang aklat bilang pambanghay ng mga pang-uring pasukdol (pansinin kung papaanong itinuring muli itong panukdulan gaya ng kay Santos (1939)). Idinagdag pa ng may-akda na nagagamit ang *napaka-, ang*, at *kay* upang lumikha ng mga pangungusap na paghanga kung saan hindi obligatoryo ang pagkakaroon ng paksa. May tuwiran din siyang pagbanggit sa panlaping *napaka-* bilang pampasidhi ng mga pang-uri sa Filipino at maliban dito ay wala na.

Sa aklat naman nina Santiago at Tiangco (2003) na pinamagatang *Makabagong Balarila ng Filipino*, ipinaliwanag nila na may kaantasan ang kasidhian ng mga pang-uri sa wikang Filipino na kinapapalooban ng tatlong antas—*lantay*, *katamtamang antas*, at *masidhi*. Sa huling antas, ang masisidhing pang-uri ay nabubuo sa pamamagitan ng (1) pag-uulit ng salita (e.g., *mataas na mataas*), (2) paggamit ng mga panlaping *napaka-*, *nag-...-an*, *pagka-*, at *kay-*, at (3) paggamit ng mga salitang gaya ng *lubha*, *masyado*, *totoo*, *talaga*, *tunay*, at iba pa.

Itinuturing din nilang pang-abay ang *totoo* at *lubha* na makikita sa ibinigay nilang halimbawa rito: *Totoong lubhang nagulat sila sa iyong balita*.

Batay naman kina Ceña at Nolasco (2011) sa aklat na *Gramatikang Filipino Balangkas*, ang unlaping *napaka-* ay kadalasang ginagamit upang banghayin ang mga pang-uri ayon sa kasidhian nito. Sa dahilang hindi tinataglay ng panlaping ito ang unlaping *ma-* (anila, hindi makabuluhan ang pangungusap na *Napakamarunong *ni/*si Ampí*), kadalasang walang simuno ang pinasidhing pariralang pang-uri (e.g., *Napakasuwerte ni Ben*). Gayunman, napansin nila na unti-unti na rin namang tinatanggap ang pagtatagni ng *napaka-* at *ma-* ngunit hindi pa rin obligatoryo ang paksa (e.g., *Napakamasigasig ni Ben*). Pinahihintulutan pa rin ang kawalan ng paksa sa mga pinasidhing pang-uri gamit ang pinagtagning *napaka-* at mahugnayang panlapi tulad ng *maka-*, *mapag-*, at *mapang-* (e.g., *Napakamakaama ni Ben*). Ayon pa sa kanila, ang pampasidhing *napaka-* ay isang mahinang panlapi na walang kakayahang lumikha ng pantiyak na nagiging dahilan kung bakit hindi obligatoryo ang paksa sa mga pangungusap na masidhi.

Sa hiwalay na aklat naman ni Ceña noong 2020 na pinamagatang *Morpholohya ng Filipino*, ipinaliwanag niya dito na kadalasang ginagamait ang mga panlaping *napaka-*, *ka-*, at *pagka-* upang mapasidhi ang mga pang-uri sa Filipino. Aniya, makatutulong din ang pag-uulit para banghayin ang mga pang-uri ayon sa kasidhian na kinapapalooban ng mga padrong *maDWr* o pag-uulit ng buong halaw na salita (e.g., *magandang-maganda*), *lipat-diin-DWr* (e.g., *hilóng-hiló*), *(pa(g))kaRWr* o pag-uulit ng ugat (e.g., *pakabait-bait*,

pagkabait-bait, at kaibig-ibig), at (ka)SCVr (e.g., bali-baligtad at kabali-baligtad).

Ang ‘Sobra’ bilang Pangngalan, Pandiwa, Pang-uri, Pang-abay, at Pampasidhi

Kung rerepasuhin ang mga diksiyonaryong KWF *Diksiyonaryo ng Wikang Filipino* at *Diksiyonaryo.ph*, parehong isinasaad ng mga ito na ang salitang *sobra* ay nagmula sa wikang Espanyol. Maaari itong mangahulugan ng (1) pagiging labis o (2) kalabisan. Sa naunang diksiyonaryo, ipinaiiilalim ito sa mga salitang pangngalan na maaaring banghayin bilang pandiwa (e.g., *sumosobra*).

Noong 2012, sa aklat ni Ceña na pinamagatang *Sintaks ng Filipino*, ipinaliwanag niya na may mga pang-abay na may kakayahang pasidhiin ang mga pang-uri tulad ng *lalo, lubha, tunay, talaga, masyado*, at ang inilarawan niyang dalawa sa mga paboritong gamitin ng kabataan bilang pampasidhi ng pang-uri—ang *grabe* at *sobra*. Pansinin ang inilaan niyang mga halimbawa:

1. *Sobrang sarap ng papaet.*
?*Sobrang masarap ang papaet.*
2. *Grabeng kulit ni Colette.*
?*Grabeng makulit si Colette.*
Ipinahihiwatig ng simbolong ‘?’ na posibleng gramatikal din ang mga ito.

Sa isang tala naman mula sa papel na *Contact-induced Change in Heritage Tagalog: Evidence from Adjective Intensification* ni Umbal (2016), idiniin niya na ang mga pampasidhi ay may kakayahang bigyang-turing ang iba pang mga sintaktikong kategorya gaya ng mga pang-abay. Sa papel ding ito, tuwirang ipinakilala ng may-akda ang pagiging malayang morpemang pampasidhi ng *sobra* na isinalin sa Ingles bilang “excessively”.

Sa aklat ni Malicsi (2013) na *Gramar ng Filipino*, itinuring namang isang pang-uring panukat ang *sobra* na may komplementong minamarkahan ng *sa* (e.g., *Sobra ang niluto niyang laing sa sili*). Bukod pa rito, inilarawan din ang *sobra* bilang intensibo ng pang-uri na kadalasang ginagamit sa mga karaniwang pag-uusap kabilang ang *super* (hindi na rin nakapagtataka dahil nabanggit na niya ito mga bandang 2008 pa lamang sa *Adyenda sa Saliksik*

Wika Ulat ng Kumperensiya). Tingnan ang ibinigay niyang halimbawa sa ibaba:

mahirap ang eksam
sobra/super hirap ng eksam

Dito, makikita kung papaanong may mga pagbabagong nagaganap sa hed na pang-uri pagkatapos pasidhiin ng *sobra*—nawalan ng unlaping *ma-* ang hed na *mahirap*. Aniya, katangian ito ng ikatlong porma ng intensibo ng mga pang-uri tulad ng *ang, kay, at ano*.

Dulot din nito, hindi nagiging obligatoryo ang pagkakaroon ng paksa kapag ginamit sa pangungusap. Sa mga sumunod pang talata, binanggit ng may-akda na maituturing din itong pang-abay na panggaano na kadalasang ipinupwesto sa unahan ng mga pariralang pang-uri (e.g., *sobrang sinungaling ng/ang nasasakdal*) at pariralang pandiwa (e.g., *sobrang nagsisinungaling ang nasasakdal*).

Tinangka ring ipaliwanag ang paglitaw ng *-ng* sa *sobra* bilang pahiwatig na may nagaganap na proseso ng *embedding*. Sa kaniyang halimbawa:

sobra (ito) +
mayaman si Henry → *na mayaman si Henry*
sobrang mayaman si Henry

Makikita rito kung papaanong (1) walang nabago sa hed (mayaman) at (2) napanatili ang paksa ng pangungusap gamit ang pang-abay na panggaanong *sobra* pagkatapos nito sumailalim sa proseso ng *embedding*. Gayunman, nilinaw niya na iisa lang ang nais ipakahulugan ng *sobra*, ito man ay intensibo ng pang-uri o pang-abay na panggaano kahit pa nagkakaiba sila ng epekto sa hed at sa mga tuntunin kapag ginamit sa pangungusap.

Mahalaga ring masipat ang ilang mga materyal panturo na ginagamit ng mga paaralan sa pagtalakay ng mga aralin sa gramatika. Sa paraang ito, makikita kung papaano ipinakikilala sa mga mag-aaral ang pampasidhing *sobra* partikular sa gamit nito.

Halimbawa, sa modyul nina Tadeo-Taduran at Bardonado-Marmol (2020) na *Filipino Kwartar 3 – Modyul 2: Ugnayang Pang-abay, Pang-uri, at Pandiwa sa Paglalarawan*, itinuring nila ang mga salitang tulad ng *talaga*, *sadya*, *sobra*, at *talaga* bilang mga pang-abay. Bukod sa sintaktikong pagkakategorisa sa mga ito, nagbigay sila ng isang halimbawang pangungusap na may taglay na mga *label* upang ipakita kung papaano ito nagagamit sa mga pangungusap:

Sobrang nakakatakot
(*Pang-abay*) + *Pang-uri*

Anila, ipinakikita ng halimbawa na ang *sobra* ay nagbibigay-turing sa pang-uring *nakakatakot* kung kaya maituturing itong pang-abay na siya namang matagal nang itinuturo sa mga paaralan. Ito marahil ang dahilan kung bakit walang pagbanggit o pagdiriin dito bilang pampasidhi o intensifier sa nasabing modyul.

Hindi naman lubhang naiiba ang isinasaad sa teksbuk nina Agbon at Sy (2013) sa naunang modyul. Anila, maituturing ang *sobra* bilang isang pang-abay na napapaloob sa mga pang-abay na nagbibigay-turing sa mga pang-uri.

Sa isa pang teksbuk na binuo naman nina Dayag, Baisa-Julian, Lontoc, at Esguerra-Jose (2017), itinuturing nila ang *sobra* bilang pambanghay ng mga pang-uri sa Filipino ayon sa kasukdulan nito. Bukod pa rito, inihanay rin nilang pampasukdol ang mga panlaping *napaka-*, *pinaka-*, at *pagka-*, mga salitang gaya ng *sakdal*, at mga pariralang gaya ng *ubod ng* at *hari ng*. Wala ring naitalang halimbawa ang mga may-akda sa gamit ng *sobra*.

Kung susuriing maigi ang mga nirebyung aklat, artikulo, teksbuk, modyul, at iba pa, mga bandang 2013 hanggang sa kasalukuyan pa lamang panaka-nakang naipakilala ang *sobra* bilang pang-abay, pang-uri, pandiwa, at/o bilang pampasidhi pa nga. Hindi rin naman na ito nakapagtataka dahil taong 2008 na noong maobserbahan ng ilang eksperto ang pagiging gamitin nito. Mababakas pa sa mga nirebyung babasahin na si Malicsi (2013) na ang may pinakakomprehensibong pagtalakay hinggil dito. Gayunman, nangangailangan pa rin ito nang higit pang pagsusuri

upang mas maipakita ang lawak maging ang hangganan nito bilang sumisibol na pampasidhi ng mga pang-uri sa wikang Filipino.

Bunga nito, binuo ang papel na ito upang maglaan ng deskriptibong pagsusuri sa mga kinolektang *tweet at post* mula sa mga social networking site na Facebook at Twitter na pareparehong nagtataglay ng mga sunurang *sobra + -ng + hed* na *pang-uri*. Upang higit itong maisakatuparan, sasagutin sa pagsusuring ito ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang panlahat na tuntunin sa pagbuo ng mga pariralang pinasidhing pang-uri sa Filipino gamit ang *sobra*?
2. Ano-ano ang mga tuntunin ng obligatoryo at di-obligatoryo kapag ginagamit sa mga pangungusap ang mga pinasidhing pang-uri sa Filipino sa pamamagitan ng *sobra*?

Metodolohiya

Napatunayan sa itaas na kakarampot pa lamang ang mga pagsusuring napoproduktsong kaugnay ng *sobra* bilang pampasidhi ng mga pang-uri sa Filipino. Ibig sabihin, hudyat ito ng higit pang pangangailangan para sa ibayong imbestigasyon upang magalugad ang mga tuntunin sa paggamit nito.

Sa pagpili ng pagkukunan ng mga datos, napagpasiyahan sa papel na ito na gamitin ang social media.

Ayon kay Baclig (2022), sa kasalukuyan, kinikilala ang Pilipinas bilang ikalawa sa mga bansa sa daigdig na may pinakamahabang oras na inilalaan sa social media (tinatayang 10 oras at 27 minuto ang iginugugol ng mga Pilipino na may edad 16 hanggang 64 sa pagbababad sa mga social networking site araw-araw).

Partikular na pinagkunan ng mga datos ang Facebook at Twitter. Binanggit nina Magwaro, Odhiambo, at Owala (2018) na ang Facebook ay may kontekstong impormal kaya malayang nakapagtatakda ang mga tumatangkilik nito ng mga padron (pattern) ng wikang ginagamit nila. Hindi lubhang nalalayo ang Twitter sa katangiang ito ng Facebook. Ayon kay Zimmer (binanggit ni Nordquist 2020), ang Twitter ay nagsilbing bagong

daigdig para sa mga linggwista dahil ang mga tweet ay mistulang mga *speech-like* na diskursong pasulat na kung susuriin ay makapagbibigay-linaw sa mga itinatakdang tuntuning pangwika ng mga gumagamit nito.

Sa pangongolekta ng mga post at tweet mula sa Facebook at Twitter, pinili lamang yaong mga may taglay na sunurang sobra at pang-uri. Hindi isinama ang mga naibanghay bilang pandiwa (e.g., sumosobra), mga ginamit bilang pangngalan (e.g., ibigay mo ang sobra), at ang mga nagsilbing pang-abay na nagbibigay-turing sa kapwa pang-abay (e.g., sobra talagang magaling).

*Sa pagsusuri naman ng mga kinolektang post at tweet, deskriptibo ang magsisilbing metodolohikal na lapit yamang nais ng papel na ito na ilarawan ang mga tuntunin kung paano ginagamit ang sobra bilang pampasidhi ng mga pang-uri sa Filipino. Angkop ang nasabing metodolohikal na lapit sa mga ganitong uri ng pagsusuri dahil tinitiyak dito na inoobserbahan at inilalarawan lamang ang wika upang kalaunan ay maipaliwanag ang mga linggwistikong gawi ng mga tagapagsalita (Genetti 2019). Bunga nito, maaari ding gumamit ng mga istruktural na lapit (e.g., proseso ng *Embedding*, pagsasagawa ng *Phrase Structure Test*, at iba pa) upang higit na matamo ang mga layunin ng pagsusuring ito.*

Resulta at Diskusyon

Sa kabuoan, nakakalap ng 34 na pinagsama-samang mga *post at tweet* na may taglay na sunurang *sobra* at hed na pang-uri. Tingnan ang sumusunod na koleksiyon:

- (1) *Sobrang ganda!*
- (2) *Sobrang bait talaga ni Ella.*
- (3) *Sobrang bait nila at responsive pa sa mga concerns.*
- (4) *Sobrang bagay sa inyo, girls!*
- (5) *Sobrang lapit na sa goals.*
- (6) *Sobrang bilib po kami sa inyo!*
- (7) *Sobrang sarap sa pakiramdam.*
- (8) *Sobrang lungkot ng Wandavision.*
- (9) *Universe Binder na sobrang laki.*
- (10) *Natatakam ako sa sobrang sarap na kape sa 1919.*
- (11) *Sobrang tanga ko sa part nayan.*

- (12) *Sobrang tahimik nila.*
- (13) *Sobrang masaya ako para sa iyo.*
- (14) *Humans cage pigs and sobrang siksikan sila sa kulungang madumi.*
- (15) *Sobrang iyakin niyan.*
- (16) *Sobrang maasikaso ng mga doctor at nurse.*
- (17) *Sobrang maasikaso po kayo sakin at inalagaan nyo po akong mabuti.*
- (18) *Sobrang maalaga iyan si Jayda.*
- (19) *Sobrang kukulit!*
- (20) *Sobrang gaganda ng nmixx Members.*
- (21) *Sobrang babait niyo guys!*
- (22) *I just realized na sobrang tatalino ng mga kadepartment ko.*
- (23) *Sobrang takot na takot ako.*
- (24) *Sobrang tawang-tawa ako kay shi.*
- (25) *Sobrang bilib na bilib ako sa mga iyan.*
- (26) *Sobrang balatsibuyas!*
- (27) *May mga opisyal talaga ng gobyerno na sobrang balat sibuyas.*
- (28) *Sobrang asartalo si Vincent.*
- (29) *Sobrang bigay todo ni Jin and I love it.*
- (30) *Sobrantanga mo.*
- (31) *Sobrambobo mo gian.*
- (32) *Sobransakit na ng mga mata ko.*
- (33) *Sobransakit ng tyan ko.*
- (34) *Sobrambait mo talaga!*

3.1 Tuntunin sa Pagpapasidhi ng mga Pang-uri Gamit ang 'Sobra'

Maaaring simulan ang pagsusuring ito sa pagtutuo ng pansin sa mga pariralang pang-uri ng mga pahayag na binubuo ng *sobra*, linker na *-ng*, at hed pang-uri. Nagsisilbing ispesifayer ang *sobra* na isang salitang pandigri. Pangunahing gamapanin nitong tiyakin ang magiging kahulugan ng mga hed (Paz, Hernandez, at Peneyra 2003a). Ang mga hed naman ay tumutukoy sa mga binibigyang-turing ng mga ispesifayer. May pagkakataong ang mga ito ay maaaring isang salita lamang. Kadalasang nagiging hed ng mga parirala ang mga salitang pandiwa, pangngalan, at pang-uri (Paz, Hernandez, at Peneyra 2003b) gaya ng mga halimbawa sa itaas. Samantala, ang linker namang *-ng* na kapansing-pansing nakakabit sa lahat ng *sobra* ng bawat halimbawang pangungusap ay maaaring sabihing nagsisilbing partikulo lamang na nagpapakita

ng relasyon sa pagitan ng nagbibigay-turing (ispesifayer na *sobra*) at binibigyang-turing (mga hed na pang-uri) gaya ng ipinaliliwanag ni Buhain (binanggit nina Cubar at Cubar 1994).

Gayunman, kung babalikan ang paliwanag ni Malicsi (2013) sa ipinahihiwatig ng *-ng*, *aniya*, malinaw na may naganap na embedding o proseso kung saan pumapaloob ang isang batayang pangungusap na nagtataglay ng *sobra* sa isa pang batayang pangungusap na nagtataglay naman ng hed na pang-uri. Sa kaniyang halimbawa, dalawa ang posibleng mangyari pagkatapos ng nasabing proseso: (1) makakaltasan ng makauring panlaping *ma-* ang mga *pang-uring ma-* sandaling lapatan ito ng *sobra* na nagiging sanhi ng pagkawala ng tuon nito sa paksa at (2) mananatili ang kayarian ng hed na pang-uri pati na ang tuon nito sa paksa. Binibigyang-diin ang mga pangyayaring ito sa nasabing proseso sapagkat ito ang ginamit ni Malicsi (2013a) na paliwanag upang tukuyin kung pang-abay na panggaano o pampasidhi ng pang-uri ang gamit ng *sobra*. *Aniya*, nagsisilbing pang-abay na panggaano ang *sobra* kapag nananatiling buo ang mga pang-uri pagkatapos mabigyang-turing. Dahil dito, hindi nawawala ang tuon ng hed na pang-uri sa paksa ng pangungusap. Nagiging pampasidhi naman ng pang-uri ang *sobra* kapag nawala ang tuon ng hed na pang-uri sa paksa bunga ng pagbabago sa kayarian nito pagkatapos itong turingan ng nasabing pampasidhi. Upang higit itong maunawaan, suriin ang mga hinimay na embedded na pangungusap at ang mga batayang pangungusap na pinaggalingan ng mga ito:

(1)
sobra +
maganda (ito) → na ganda (nito)
sobrang ganda (nito)

(2)
sobra +
mabait talaga si Ella → na bait talaga ni Ella
sobrang bait talaga ni Ella

(3)
sobra +
mabait sila at responsive pa sa mga concerns → na bait nila at responsive pa sa mga concerns
sobrang bait nila at responsive pa sa mga concerns

(4)
 sobra +
 bagay sa inyo, girls → na bagay sa inyo, girls
sobrang bagay sa inyo, girls

(5)
 sobra +
 malapit na sa goals → na lapit na sa goals
sobrang lapit na sa goals

(6)
 sobra +
 bilib po kami sa inyo → na bilib po kami sa inyo
sobrang bilib po kami sa inyo

(7)
 sobra +
 masarap sa pakiramdam → na sarap sa pakiramdam
sobrang sarap sa pakiramdam

(8)
 sobra +
 malungkot ang Wandavision → na lungkot ng Wandavision
sobrang lungkot ng Wandavision

(11)
 sobra +
 tahimik sila → na tahimik nila
sobrang tahimik nila

(12)
 sobra +
 tanga ako sa part nayan → na tanga ko sa part nayan
sobrang tanga ko sa part nayan

Ang mga inilapat na *sobra* sa hed na pang-uri sa mga pangungusap bilang 1, 2, 3, 5, 7, at 8 ay mga pampasidhi dahil nakaltas ang makauring panlaping *ma-* sa mga ito nang lapatan ng *sobra* na naging sanhi ng pagkawala ng tuon ng mga ito sa paksa.

Gayundin sa mga bilang 11 at 12 na ang tanging kaibahan lang ay walang pagbabagong nabanaag sa kayarian ng mga hed sapagkat hubad na pang-uri ang mga ito. Nakatatayong mag-isa kasi ang mga ganitong tipo mga pang-uri bilang hed kahit walang panlapi

(Ceña at Nolasco 2011a). Ang *sobra* naman sa pangungusap bilang 6 ay pang-abay na panggaano. Kapansin-pansing napanatili nito ang tuon sa paksa pati na ang kayarian ng pang-uri dahil hubad din ito. Mahirap tukuyin kung pampasidhi o panggaano ang nasa bilang 4 (*sobrang bagay sa inyo, girls*) dahil likas na walang paksa ang orihinal na batayang pangungusap nito. Ang hubad na pang-uri naman nito ay kayang magpanatili ng kayarian, mawala o mapanatili man ang paksa (e.g. *sobrang bagay (ito) sa inyo, girls* at *sobrang bagay (nito) sa inyo, girls*). Hindi rin isinama ang bilang 9 dahil panuring lamang ang pariralang pang-uri dito na nilapatan ng *sobra*. Gayundin ang bilang 10 dahil komplemento lamang ng pandiwa rito ang pariralang pang-uri.

(13)

sobra +

masaya ako para sa iyo → na masaya ako para sa iyo

sobrang masaya ako para sa iyo

(14) pagtutuunan lamang ang ikalawang sugnay

sobra +

siksikan sila sa kulungang madumi → na siksikan sila sa kulungang madumi

sobrang siksikan sila sa kulungang madumi

(15)

sobra +

iyakin iyan → na iyakin niyan

sobrang iyakin niyan

(16)

sobra +

maasikaso ang mga doctor at nurse → na maasikaso ng mga doctor at nurse

sobrang maasikaso ng mga doctor at nurse

(17)

sobra +

maasikaso po kayo sakin → na maasikaso po kayo sakin

sobrang maasikaso po kayo sakin

sobrang maasikaso po kayo sakin at inalagaan nyo po akong mabuti

(18)

sobra +

maalaga iyan si Jayda → na maalaga iyan si Jayda

sobrang maalaga iyan si Jayda

Sa mga pangungusap namang ito na pare-parehong maylapi ang mga pang-uri, pare-parehong pang-abay na panggaano ang ginamit sa mga bilang 13, 14, 17, at 18 dahil napanatili ang kayarian ng mga hed na pang-uri kaya nanatili rin ang tuon ng mga ito sa paksa. Samantala, pampasidhi naman ang mga nasa bilang 15 at 16 dahil kahit walang pagbabagong nakita sa kayarian ng mga hed na pang-uri, nawala ang tuon ng mga ito sa paksa pagkatapos ng proseso ng embedding.

May dapat pang pag-isipan sa mga bilang 13 (sobrang masaya ako para sa iyo), at 16 (sobrang maasikaso ng mga doctor at nurse). Pansinin na ang hed na panaguri sa mga ito ay may makauring panlaping *ma-*. Binanggit nina Schachter at Otones (1972a) at Ceña at Nolasco (2011b) na madalas na tumatanggap ng paksa ang mga *pang-uring ma-*. Subalit pansinin sa bilang 16 na ang pang-uring hed na *maasikaso* sa pangungusap ay walang paksa. Obserbahan pa kung paanong sa bilang 17 (sobrang maasikaso po kayo sa akin...) na gumamit ng parehong hed na pang-uri ay nagtaglay naman ng paksa. Samantala, sa 13, hindi posibleng mawala ang paksa at palitan ng paukol na panghalip panao (hindi gramatikal ang *sobrang masaya ko para sa iyo*).

Sa kaso ng pang-uring *maasikaso* sa mga bilang 16 at 17, madaling sabihing maaaring kabilang talaga ito sa mga *pang-uring mangunit* sa pagsusuri ng nasabing pangungusap, mapapansing may natatangi itong fityur na naiiba sa karaniwang katangian ng mga nasabing tipo ng pang-uri-*pwedeng mayroon o walang paksa*. Sa pagbabasa ng aklat ni Ceña (2020) na *Morpholohya ng Filipino*, maaaring kabilang ang pang-uring gaya ng *maasikaso* sa mga *pang-uring ma-pandiwa + -in* (e.g., maawain, maramdamin, at iba pa). Subalit, kailangang masagot kung bakit ang pang-uring *maasikaso* sa dalawang pangungusap ay parehong walang hulaping *-in*.

Ipinaliwanag sa papel nina Aldea, Chu-Santos, Katigbak, at Perez (n.d.) na ang mahugnayang panlaping *ma...-in* ay hindi magkasabay na ikinakabit sa mga pang-uri. Ipinaliwanag ng mga

may-akda na ang panlaping *ma-* ay may prominenteng katangian (salient) na nakatutulong upang isaad na ang pang-uri ay may estadong “di-nagmamaliw” (lasting state) habang ang hulaping *-in* ay ikinakabit naman para magsaad na ito ay may katangian ng “pagkamadalas”. Dahil dito, ipinanlalapi ang *ma-* upang maitatag muna ang di-nagmamaliw na katangian ng isang entidad bago ang *-in* para maidiin naman ang pagiging madalas ng di-nagmamaliw na katangian ng inilalarawan. Ito marahil ang dahilan kung bakit nalalaglag ang hulaping *-in* sa “maasikasuhin” (naging “maasikaso”) imbis na ang unlaping *ma-*.

Ang pangyayaring ito ay maaaring suriin gamit ang suri-tangkay na isang uri ng pagsusuri sa pagbuo ng mga salita na nakatuntong sa paniniwalang may sinusunod na tiyak na sunuran ang paglalapi ng mga salita (Nolasco 2021). Sa madaling sabi, ganito nabubuo ang mga *ma-pandiwa* + *-in* (gagamiting halimbawa ang *maasikasuhin*):

ma- + *asikaso*

Pu. [ma-[asikasoh]]

maasikaso + *-in*

[[maasikasoh] -in] Pu.

Bukod pa rito, kailangan ding masagot ang dahilan sa paggamit ng *maasikaso* imbis na *maasikasuhin*. Ang pinakamalapit na paliwanag dito ay ang usapin ng “markedness”. Ayon kay Millar at Trask (2015), ang pagiging ordinaryo ng isa o higit pang tuntunin (ponolohikal, morpolohikal, sintaktiko, at iba pa) sa isang wika ang nagsisilbing batayan upang ituring ang mga ito bilang markado (marked) samantalang nagiging di-markado (unmarked) naman yaong mga tuntuning di-ordinaryo (maaaring pana-panahon o bibihira lamang ang mga pagkakataong ginagamit). Mula rito, maaaring ang nasabing kayarian ng pang-uri na *ma-pandiwa* ay unti-unti na ring nagiging markado kagaya ng orihinal na anyong *ma-pandiwa* + *-in*.

(19)

sobra +

makukulit (sila) → na kukulit (nila)

sobrang kukulit (nila)

(20)

sobra +
magaganda ang nmixx members → na gaganda ng nmixx members
sobrang gaganda ng nmixx members

(21)
sobra +
mababait kayo, guys → na babait ninyo, guys
sobrang babait niyo, guys

(22) *pagtutuunan lamang ang complementizer phrase*
sobra +
matatalino ang kadepartment ko → na tatalino ng kadepartment ko
sobrang tatalino ng kadepartment ko

(23)
sobra +
takot na takot ako → na takot na takot ako
sobrang takot na takot ako

(24)
sobra +
tawang-tawa ako kay Shi → na tawang-tawa ako kay Shi
sobrang tawang-tawa ako kay Shi

(25)
sobra +
bilib na bilib ako sa mga iyan → na bilib na bilib ako sa mga iyan
sobrang bilib na bilib ako sa mga iyan

Sa mga inuulit na pang-uri, pampasidhi ng pang-uri naman ang mga *sobra* sa bilang 19 hanggang 22 dahil may pagbabagong naganap sa kayarian ng mga hed na pang-uri nito. Mula sa orihinal na kayariang *ma- + inuulit* (*reduplikasyon lamang ng unang pantig ng salitang-ugat*), nakaltas ang mga makauring panlaping *ma-* ng mga ito na nakita sa orihinal na batayang pangungusap pagkatapos ilapat ang *sobra*. Ayon kina Schachter at Otones (1972b), madalas itong mangyari sa mga *pang-uring ma-* na may reduplikasyon sa unang pantig ng salitang-ugat kapag pinasisidhi.

Pang-abay na panggaano naman ang *sobra* sa mga pangungusap bilang 23 hanggang 25 na kapansin-pansing napanatili ang kayarian ng mga hed na pang-uri pati na ang tuon ng mga ito sa paksa.

(26)
sobra +
balatsibuyas → na balatsibuyas
sobrang balatsibuyas

(28)
sobra +
asartalo si Vincent → na asartalo si Vincent
sobrang asartalo si Vincent

(29) pagtutuunan lamang ang naunang sugnay
sobra +
bigay todo si Jin → na bigay todo ni Jin
sobrang bigay todo ni Jin

Sa kayariang tambalan naman, may taglay na pang-abay na panggaanong *sobra* ang bilang 28 dahil napanatili ang paksa rito samantalang pampasidhing *sobra* naman ang nasa 29 dahil nawala ang paksa sa proseso ng embedding. Muli, sa 26 at 27 ay mahirap tukuyin ang kalikasan ng mga *sobra* sa mga ito dahil sa 26, wala talagang paksa ang orihinal na batayang pangungusap nito kaya hindi rin mabakas sa embedded na pangungusap ang tinutukoy. Posible ring gamitin ang tambalang pang-uri nito (balatsibuyas) nang may paksa man o wala habang napapanatili ang kayarian nito. Samantala, panuring naman ang pariralang pang-uri sa 27.

Gayunman, sa kabila ng mga pagkakaibang ito, nilinaw ni Malicisi (2013b) na magkatulad pa rin ang *function* o gamit ng pampasidhi at panggaano. Tanging ang epekto lamang ng mga ito sa panguring hed at pananatili o pagkawala ng paksa kapag ginamit sa pangungusap ang pagkakaiba.

Sa tulong din ng papel na ito, may maidaragdag pa sa mga tuntunin sa paggamit ng *sobra* bilang pampasidhi ng pang-uri na una nang inisa-isa ni Malicisi (2013) sa kaniyang aklat. Nakita sa pagsusuring ito na hindi lahat ng payak na pang-uri na pinasisidhi ng *sobra* ay galing sa mga *pang-uring ma-* dahil ang iba ay likas na

walang panlapi sapagkat hubad ang mga ito (gaya ng mga bilang 11 at 12). May kakayahan ang mga ganitong pang-uri na panatilihin ang pagiging payak ng kayarian ng mga ito bago at pagkatapos ng proseso ng embedding.

Magkagayunman, hubad o orihinal mang may panlaping *ma-* ang mga hed na pang-uri, pare-parehong nawawala ang tuon ng mga ito sa paksa sandaling pasidhiin ng *sobra*. Napag-alaman din na kayang maging intensibo o pampasidhi ng *sobra* sa mga pang-uring maylapi dahil nagagawa nitong alisin ang tuon nito sa paksa nang walang pagbabago sa kayarian (e.g. pagkakaltas ng makauring panlapi) pagkatapos ng embedding (balikan ang bilang 15 at 16). Sa mga bilang 19 hanggang 22, mapapansin namang nakakaltasan ng makauring panlaping *ma-* ang mga pang-uring may pag-uulit sa unang pantig at nawawala ang tuon sa paksa. Bagay na hindi gaanong napagtuunan ng pansin ni Malicsi (2013) sa kaniyang aklat. At huli, sa tambalan, may katangian ang mga ito na kagaya sa mga hubad na pang-uri. Hindi nababago ang kayarian ng mga hed na pang-uring tambalan kahit maiwala ang tuon ng mga ito sa paksa dulot ng pampasidhing *sobra* pagkatapos ng embedding.

3.2 Mga Obligatoryo at Di-Obligatoryong Tuntunin sa Pangungusap

Sa bahaging ito, iisa-isahin naman ang mga tuntuning obligatoryo at di-obligatoryo kapag ang mga pinasidhing pariralang pang-uri ay ginagamit sa mga pangungusap. Tatanggalin na sa mga ito ang mga pangungusap na natuklasang may pang-abay na panggaanong *sobra*. Ayon kina Schachter at Otanes (1972c), ang mga pang-uri ay kadalasang nagagamit bilang panaguri, panuring, nominalisadong paksa, komplemento, at iba pa. Kapag siniyasat maigi ang koleksiyon ng mga pangungusap sa itaas, pwedeng maibukod sa apat na kategorya ang gamit ng mga pinasidhing pang-uri sa tulong ng *sobra* gaya ng sumusunod:

Bilang Panaguri (iitiman ang mga panaguri samantalang sasalongguhan naman ang mga komplementong nagpapahayag ng tinutukoy ng hed)

(1) **Sobrang ganda!**

- (2) **Sobrang bait** talaga ni Ella.
- (3) **Sobrang bait** nila at responsive pa sa mga concerns.
- (4) **Sobrang bagay** sa inyo, girls!
- (5) **Sobrang lapit** na sa goals.
- (7) **Sobrang sarap** sa pakiramdam.
- (8) **Sobrang lungkot** ng Wandavision.
- (11) **Sobrang tanga** ko sa part nayan.
- (12) **Sobrang tahimik** nila.
- (15) **Sobrang iyakin** niyan.
- (16) **Sobrang maasikaso** ng mga doctor at nurse.
- (19) **Sobrang kukulit!**
- (20) **Sobrang gaganda** ng nmixx Members.
- (21) **Sobrang babait** niyo guys!
- (26) **Sobrang balatsibuyas!**
- (29) **Sobrang bigay todo** ni lin and I love it.

Bilang Panuring (iitiman ang mga panuring samantalang sasalungguhan naman ang mga tinuturingan)

- (9) Universe Binder na **sobrang laki**.
- (27) May mga opisyal talaga ng gobyerno na **sobrang balat sibuyas**.

Bilang Komplemento (iitiman ang mga komplemento samantalang sasalungguhan naman ang panaguri)

- (10) Natatakam ako sa **sobrang sarap** na kape sa 1919.

Bilang Bahagi ng Complementizer Phrase

- (22) I just realized **na sobrang tatalino ng mga kadepartment ko**.

Pagtuunan naman sa lahat ng mga ito ang nagsilbing panaguri. Bagaman walang paksa ang mga ito, ang mga tinutukoy naman ng mga ito ay nagsilbing komplemento ng mga pinasidhing pang-uri. Sa 2 at 29, ang tinutukoy ay naging komplemento lamang ng panaguri sa pamamagitan ng *pariralang ni*. Bagaman walang halimbawa sa koleksiyon, maaari ding gamitin ang *nina* kung dalawa o higit pa ang tinutukoy dahil ito ang pangmaramihang anyo nito (Gonzales-Garcia 1999a). Sa mga bilang 8, 16, at 20, ang tinutukoy ay naging komplemento lang ng panaguri sa pamamagitan naman ng *pariralang ng*. Sa 3, 11, 12, 15, at 21 naman, ang tinutukoy ay naging komplemento lang din muli ng panaguri sa tulong ng mga panghalip panaong paukol gaya ng *nila*,

ko, niyan, at ninyo. Kahit wala ring nabakas sa mga halimbawa, maaari ding maging komplemento ang iba pang panghalip tulad ng *mo, niya, namin, at natin* dahil pare-pareho ring panghalip panaong paukol ang mga ito (Santiago at Tiangco 2003a). Maaari ding gamitin ang mga panghalip na gaya ng *nito, niyon, at iba pa.* Para naman sa mga bilang 1, 4, 5, 7, 19, at 26, ang mga tuntunin na kaiisa-isa pa lamang ay opsyunal sa mga ito.

Pansinin din na ang mga pinasidhing pang-uri sa pamamagitan ng *sobra* ay may mga tinatanggap na komplemento. Sa datos, may apat na komplemento lamang na namataan gaya ng ipinapakita ng sumusunod na talahanayan.

Talahanayan 1

Mga Opsyunal na Komplemento ng mga Pinasidhing Pang-uri Gamit ang *Sobra*

Komplemento	Hed	Halimbawa
∅	sobrang ganda	sobrang ganda
PP ni/ng/nina	sobrang bait	sobrang bait [ppni Ella]
	sobrang gaganda	sobrang gaganda [ppng nmixx members]
PH nila/ninyo/niyan	sobrang bait	sobrang bait [pph nila]
	sobrang babait	sobrang babait [pph niyo]
	sobrang iyakin	sobrang iyakin [pph niyan]
PP ng (palayon)	sobrang lungkot	sobrang lungkot [ppng Wandavision]
PP sa	sobrang sarap	sobrang sarap [pps sa pakiramdam]
	sobrang lapit	sobrang lapit [pps sa goals]
	sobrang bagay	sobrang lapit [pps sa inyo]

Ang ∅ ay nangangahulugan ng kawalan ng komplemento gaya ng makikita sa mga bilang 1, 19, at 26.

Kung gayon, ipinakikita ng resulta ng mga naunang pagsusuri na ang paggamit ng *sobra* bilang pampasidhi ng mga pang-uri sa Filipino ay ginagabayan ng padrong ito: *Ispesifayer + Hed na Pang-uri + (Komplemento)**. Ang () ay nangangahulugang opsyunal ang komplemento. Samantala, ang * naman ay nagpapahihiwatig na maaaring may higit sa isang komplemento ang mga pang-uring hed na pinasidhi ng *sobra*.

3.3 Ilan pang mga Obserbasyon

3.3.1 Asimilasyon sa Sunurang Sobra + -ng + Pang-uri

Isa pa sa mga naobserbahang katangian ng mga pinasidhing pang-uri sa Filipino gamit ang '*sobra*' ay ang pagkakabit/pagdikit ng mga ito sa mga hed na pang-uri. Sa pagkakabit na ito, may nagaganap na asimilasyong di-ganap. Kapag ang kinabitang pang-uri ay nagsisimula sa tunog na /t/ at /s/, ang linker sa salitang '*sobra*' ay napapalitan ng tunog na /n/ samantalang /m/ naman kapag ang ikinabit na pang-uri ay nagsisimula sa tunog na /b/. Tingnan ang mga halimbawa sa ibaba:

- (30) Sobrantanga mo.
- (31) Sobrambobo mo gian.
- (32) Sobransakit na ng mga mata ko.
- (33) Sobransakit ng tyan ko.
- (34) Sobrambait mo talaga!

3.3.2 Pagiging Konstityuwent ng Sobra

Maidaragdag ding patunay sa pinagkaiba ng pang-abay na panggaanong *sobra* at pampasidhi ng pang-uri na *sobra* ang paggamit ng *movement test* sa mga pariralang pang-uri na nakalap sa itaas. Sa bahaging ito, kukuha lamang ng tig-isang halimbawa sa mga pangungusap na may pampasidhi at pang-abay na panggaano. Tingnang maigi ang sumusunod:

- 13 *Sobrang masaya ako para sa iyo.*
- 13a *Para sa iyo, sobrang masaya ako.*
- 13b *Para sa iyo, masaya ako (nang) sobra.*
- 13c *Sobra akong masaya para sa iyo.*

Sa 13a, bagaman nailipat ang pariralang pinasidhing pang-uri sa kanan, makikita na magkasunod pa rin ang ispesifayer na *sobra* + -ng at hed na pang-uri. Subalit, sa mga 13b (opsyunal ang *nang*) at 13c, nagkahiwalay ang mga ito ngunit hindi nagbabago ang kahulugan mula sa orihinal na sunurang ipinakikita ng 13.

Subalit, pansining naaapektuhan ang kahulugan ng pangungusap na may pampasidhi kapag inilipat-lipat ang *sobra* sa alinmang bahagi nito. Gagamitin ang bilang 21:

21 *Sobrang babait niyo guys!*

21a *Babait niyo sobra, guys!*

21b *Babait niyo, guys sobra!*

21c *Babait sobra niyo, guys!*

Sa isinagawang *movement test* para sa 21, maaaring makabuluhan pa rin ang 21a at 21b ngunit mapapansing naiwang hubad ang hed na pang-uring inuulit ang unang pantig. Matatandaang sa proseso ng embedding, ang mga pang-uring inuulit ang unang pantig ay nagmula sa batayang pangungusap kung saan ang mga ito ay orihinal na may makauring panlapi na *ma-*. Maaari namang ipinahihiwatig ng 21c na ang mga pampasidhing *sobra* ay hindi puwedeng ipuwesto pagkatapos ng hed nito.

Sa isinagawang test, lalo lamang nitong pinalilina ang pinagkaiba ng *sobra* bilang pang-abay na panggaano at bilang pampasidhi. *Kapag ito ay ginamit bilang pampasidhi*, obligatoryo ang sunurang *sobra* + *-ng* + *pang-uri*. *Kapag nagsilbi naman itong pang-abay na panggaano*, may pagkakataong masusunod ang orihinal na sunuran gaya sa 13a ngunit may pagkakataong malalabag ang sunurang ito kagaya sa 13c.

Pahihintulutan din ang opsyunal na paggamit ng *nang* bilang pananda na ito ay pang-abay na mababanaag naman sa 13b. Ibig sabihin, ang mga pang-abay na panggaanong *sobra* ay maituturing na isang konstityuwent habang ang pampasidhing *sobra* ay nagiging konstityiwent lamang basta't kasama ang hed na pang-uri.

Sa madaling salita:

11 [_{PA} *sobrang*] [_{PU} *masaya*] [_{PH} *ako*]

[_{PKL} *para sa iyo*]

21 [*PU* *sobrang babait*] [*PH* *niyo*] [*PNG* *guys*]

Mga Daglat:

PA - Pariralang Pang-abay

PU - Pariralang Pang-uri

PH - Pariralang Panghalip

PKL - Pariralang Pang-ukol

PNG - Pariralang Pangngalan

3.3.3 Pagiging Katanggap-tanggap ng Kawalan ng mga Pinasidhing Pang-uri ng Tinutukoy

Sa mga bilang 1 (*sobrang ganda*), 19 (*sobrang kukulit*), at 26 (*sobrang balatsibuyas*), pansinin kung papaanong nagiging makabuluhan pa rin ang mga ito kahit na walang komplementong nagpapahiwatig ng tinutukoy ng mga pariralang pang-uring pinasidhi ng *sobra*. Ni wala ring iba pang komplemento, kahit isa man lang, ang mga ito. Sa mga pagsusuri nina Gonzales-Garcia (1999b) at Santiago at Tiangco (2003b), ang mga ito ay maaaring iklasipika sa mga pangungusap na walang paksa, partikular sa pangungusap na *paghanga*. Sa mga ganitong uri ng pangungusap, may paksa man o wala, may komplemento man o wala (ayon sa nakita sa pagsusuri sa papel na ito), maituturing ang mga ito bilang pangungusap na nagpapahayag ng diwa.

3.3.3 Ang Kaso ng mga Bilang 9, 10, at 27

Madalas na binabanggit kanina na nagkakaiba ang panggaanong *sobra* at pampasidhing *sobra* ayon sa epektong hatid nito sa kayarian ng hed na pang-uri at ang kakayahan ng mga ito na maapektuhan ang pag-iral o pagkawala ng paksa sa mga pangungusap.

Subalit, sa koleksiyon, nakita sa mga bilang 9, 10, at 27 na may taglay rin ang mga itong *sobra* ngunit hindi madaling tukuyin kung pampasidhi o panggaano. Hindi kasi nagsisilbing panaguri ang mga pang-uri nito kundi bilang mga panuring. Pansinin ang sumusunod:

(9)

sobra +

malaking universe binder → na laking universe binder
sobrang laking universe binder
universe binder na sobrang laki (Post-posed)

(10) *pagtutuunan lamang ng pansin ang komplemento*
 sobra +
 masarap na kape sa 1919 → na sarap na kape sa 1919
sobrang sarap na kape sa 1919
natatakam ako sa sobrang sarap na kape sa 1919 (Pre-posed)

(27) *pagtutuunan lamang dito ang tinuringan at ang panuring*
 sobra +
 balatsibuyas na mga opisyal ng gobyerno → na balatsibuyas na
 mga opisyal ng gobyerno
sobrang balatsibuyas na mga opisyal ng gobyerno
may mga opisyal talaga ng gobyerno na sobrang balatsibuyas
 (Post-posed)

Post-posing ang nangyari sa mga bilang 9 at 27 dahil nauna ang mga pariralang pangngalan (universe binder at opisyal ng gobyerno) kaysa sa mga panuring ng mga ito (sobrang laki at sobrang balatsibuyas). *Pre-posing* naman sa bilang 10 sapagkat nauna ang panuring (sobrang sarap) kaysa sa tinuturingan (kape).

Inilapat man sa panuring o panaguri, mapapansing parehong naapektuhan ng *sobra* ang kayarian ng nilapatan. Sa bilang 9 at 10, ang panuring na *malaki* at *masarap* ay nakaltasan ng mga makauring panlaping *ma-* pagkatapos ng paglalapat ng *sobra* kaya nabuo ang mga panuring na *sobrang laki* at *sobrang sarap*. Sa kaso naman ng bilang 27, walang nakitang pagbabago sa panuring (balatsibuyas) dahil gaya ng natuklasan sa papel na ito kanina, may kakayahan ang mga tambalang pang-uri na panatilihin ang kayarian nito gamitan man ng panggaano o pampasidhi.

Sa madaling salita, kapag ginamit bilang pampasidhi ang *sobra* sa panaguri, maaari itong magdulot ng epekto sa kayarian ng hed na panaguring pang-uri maging ang pag-iral ng paksa sa pangungusap.

Samantala, kapag inilapat naman ang pampasidhing ito sa panuring na pang-uri, ang epekto lamang sa kayarian ng panuring ang maaaring makita. Magiging mahirap lamang tukuyin kung pampasidhi pa rin ang *sobra* kapag inilapat sa mga tambalang

panuring dahil ang ganitong kayarian ng pang-uri ay may kakayahang magpanatili ng anyo, pampasidhi o panggaano man ang *sobra* na inilapat.

Kongklusyon at Rekomendasyon

Matapos ang pagsasagawa ng deskriptibong pagsusuri sa mga nakalap na *tweet* at *post* na may mga pinasidhing pang-uri, nakapagdagdag pa ng ibang tuntunin sa inisyal na suri ni Malicsi (2013) gaya ng (1) nananatili ang kayarian ng mga hubad na pang-uri habang naiaalis naman ang tuon nito sa paksa kapag sumailalim sa proseso ng embedding ang *sobra* at isa pang batayang pangungusap na may taglay na hed na pang-uring hubad; (2) bagaman hindi napapasidhi ng *sobra* ang mga *pang-uring ma-* liban na lamang kung tatanggalin ang makauring panlapi ng mga ito, may ilang mga maylaping pang-uri mula sa datos na nagagawang pasidhiin nito nang walang pagbabago sa kayarian (e.g., yaong kinabitan ng hulaping ng *-in*, at mahugnayang panlaping gaya ng *ma-...-in*); (3) nakakaltasan ng makauring panlaping *ma-* ang mga pang-uring inuulit ang unang pantig na siya ring nagiging sanhi ng pagkawala ng tuon nito sa paksa; at (4) pagiging magkakatulad ng tuntunin sa pagpapasidhi ng mga hubad na pang-uri at mga tambalang pang-uri kung saan walang nagaganap na pagbabago sa kayarian ng mga ito at pareparehong nawawalan ng pokus sa paksa sa kasagsagan at katapusan ng proseso ng embedding.

Bagaman obligatoryo sa mga pangungusap na may parialang pang-uri na pinasisidhi ng *sobra* ang kawalan ng paksa, sa pamamagitan ng komplemento, maaari pa ring malaman kung ano o sino ang tinutukoy ng mga ito sa tulong ng mga panandang *ng*, *ni*, at *nina*, mga panghalip na paukol na gaya ng *ko*, *nila*, *niyan*, *ninyo*, *niya*, *namin*, *nito*, *niyon*, at iba pa. Bukod pa sa komplementong ito, napag-alaman na tumatanggap pa ito ng iba pang komplemento gaya ng *pariralang sa* at *pariralang ng* na nakita sa datos.

May ilan ding naitalang obserbasyon sa papel na ito gaya ng lumitaw sa resulta ng *movement test* kung saan naipakita ang isa

pang pagkakaiba ng mga pang-abay na panggaanong *sobra* at pampasidhi ng pang-uri na *sobra*.

Sa nauna, hindi absoluto ang sunurang ispesifayer na *sobra + -ng* at hed na pang-uri dahil maituturing na konstituyuent ang panggaanong *sobra* sapagkat naililipat-lipat ito ng puwesto sa pangungusap nang hindi naaapektuhan ang kahulugan nito. Samantala, ang mga pampasidhing *sobra* naman ay hindi naililipat-lipat dahil naaapektuhan ang mga obligatoryong tuntuning pangkayarian ng hed na pang-uri (e.g. naiiwang hubad ang mga pang-uri). Napag-alaman ding posible ang pag-iral ng proseso ng asimilasyon ng ispesifayer na *sobra + -ng* at pang-uring hed. At huli, sa tulong ng talakay nina Gozanles-Garcia (1999) at Santiago at Tiangco (2003), napangatwiranang opsyunal sa mga pangungusap na ang tanging komponent lamang ay pariralang pang-uring pinasidhi ng *sobra* ang kawalan ng komplementong nagpapahiwatig ng tinutukoy nito gaya ng nakita sa ilang halimbawa sa itaas.

Napag-alaman din na pwedeng pasidhiin ng *sobra* ang mga pang-uring panuring bukod sa mga pang-uring panaguri. Natutukoy naman ito ayon sa epekto ng pampasidhi sa kayarian ng panuring.

Para sa mga susunod na kaugnay na pag-aaral, maaaring saliksikin at suriin pa ang sumusunod:

1. Iba pang tipo ng maylapi at inuulit na pang-uri na maaaring pasidhiin gamit ang *sobra*;
2. Iba pang opsyunal na komplemento ng mga pariralang pang-uring pinasidhi ng *sobra*;
3. Iba pang gamit o *function* ng mga pariralang pang-uring pinasidhi ng *sobra*; at
4. Iba pang epekto ng pampasidhing *sobra* sa mga panuring na pang-uri ano man ang kayarian nito.

Sanggunian:

Agbon, Z. Z., at Sy, M. C. (2013). *Pang-abay. Filipino: Daan Tungo sa Pagbabago at Pag-unlad Baitang 4* (p 310). SalesianaBOOKS, Don Bosco Press, INC.

Aldea, A. J., Chu-Santos, C. A., Katigbak, L. C., at Perez, C. G. (n.d). *Adjectives? Think Again: Statives in Tagalog*. University of the Philippines, Diliman. <https://academia.edu/resource/work/5298479>

Dayag, A. M., Baisa-Julian, A., Lontoc, N. S., at Esguerra-Jose, C. (2017). Pasukdol. *Pinagyangang Pluma, Ikalawang Edisyon* (p 183). Phoenix Publishing House, Inc.

Bacalig, C. E. (2022). Social Media, Internet Craze Keep PH on Top 2 of World List. *Inquirer.Net*. <https://newsinfo.inquirer.net/1589845/social-media-internet-craze-keep-ph-on-top-2-of-world-list>

Batnag, A. E. (2009). Sumisibol na Gramatika sa Filipino: Ilang Obserbasyon sa mga Bagong Kalakaran/Pagbabago sa Wika. *Ang Manghahasik sa Edukasyong Pangwika* nina Pat V. Villafuerte, Teresita T. Fortunato, at Aurora E. Batnag (pp 8-22). Suatengco Publishing House, Caloocan City.

Ceña, R. M. (2012). *Pariralang Pang-uri. Sintaks ng Filipino* (pp 64-97). Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining.

Ceña, R. M. (2020). *Pang-uri. Morpolohya ng Filipino* (pp 225-276). Books Bisoo.

Ceña, R. M., at Nolasco, R. M. D. (2011). *Pangungusap. Gramatikang Filipino Balangkas* (pp 78-81). The University of the Philippines Press, Diliman, Quezon City.

Cubar, E. & Cubar, N. (1994). Instances of Relativization in Filipino. *Writing Filipino Grammar: Traditions & Trends* (pp 64-161). QC: NEW DAY PUBLISHERS.

Diksiyonaryo. (n.d). Sobra. *Diksiyonaryo.ph*. <https://diksiyonaryo.ph/search/sobra>.

Gonzales-Garcia, L. (1999). *Morpoloji. Makabagong Gramar ng Filipino* (p 25-103) Maynila: Rex Bookstore.

Gonzales-Garcia, L. (1999). *Sintaks. Makabagong Gramar ng Filipino* (p 107-133) Maynila: Rex Bookstore.

Genetti, C. (2019). *Introduction 1.3 Linguistics. Language, Languages, Linguistics* (pp 17-18). Cambridge University Press, United Kingdom.

Hernandez, V. V. (2008). Tugon ni Viveca V. Hernandez. Adyenda sa Saliksik Wika Ulat ng Kumperensiya (pp 17-19). Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas.

Komisyon sa Wikang Filipino. (2021). *Sobra. KWF Diksiyonaryo ng Wikang Filipino*.
<https://kwfdiksiyonaryo.ph/?fbclid=IwAR0SDfjtVHeZupxuGWhT5SaVf6C01dwQ-zVqf2aHUIwRakzsSMQn4Cu1qSg>.

Malicsi, J. C. (2008). *Adyenda ng Pananaliksik sa Estruktura ng Wika*. Adyenda sa Saliksik Wika Ulat ng Kumperensiya (pp 1-16). Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas.

Malicsi, J. C. (2013). 1 Batayang Pangungusap. *Gramar ng Filipino* (pp 1-102). Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas.

Magwaro, G. R., Odhiambo, E., at Owala, S. (2018). *An Analysis of the Linguistic Features Used in Selected Social Interactions on Facebook*. Macrothink Institute, 4(1), pp 35-44.
<http://doi.org/10.5296/elr.v4i1.12589>

Millar, R. M. ay Trask, L. (2015). Shift of Markedness. *Trask's Historical Linguistics* (R. M. Millar, Ed.). Routledge.

Nolasc, M. R. D. (05 May 2021). *Ang Dulog Sapin-Sapin sa Pagbuo ng mga Salita* [Status Update]. Facebook.
https://m.facebook.com/story.php?story_fbid=pfbid07u6XNnEzeZcSEiaBjbY3FaRicmbew5LpTYtAs1WKYGhvMzhMaM1zmodaT35XzSxl&id=754488599&mibextid=uevf24

Nordquist, R. (2020). *What is a Tweet? How Twitter is Changing Our Language*. ThoughtCo. <https://www.thoughtco.com/tweet-definition-1692478>

Paz, C. J., Hernandez, V. V., & Peneyra I. (2003). Chapter 5: Sintaks. *Ang Pag-aaral ng Wika* (pp 71-122). Lungsod Quezon: UP Press.

Santos, L. K. (1939). Ang Pang-uri. *Balarila ng Wikang Pambansa* (pp 167-231). Komisyon sa Wikang Filipino.

Santiago, A., & Tiangco, N. (2003). Kabanata IV: Morpolohya (Palabuuuan). *Makabagong Balarilang Filipino* (pp 102-231). Maynila: Rex Bookstore.

Santiago, A., & Tiangco, N. (2003). Kabanata V: Sintaksis (Palaugnayan). *Makabagong Balarilang Filipino* (pp 249-271). Maynila: Rex Bookstore.

Schachter P., at Otones, F. T. (1972). *Chapter 4: Adjectival and their Expansions. Tagalog Reference Grammar* (pp 195-280). University of California Press, Berkeley, Los Angeles, London.

Tadeo-Taduran, C., at Bardonado-Marmol, J. (2020). *Ugnayang Pang-abay, Pang-uri, at Pang-abay sa Paglalarawan*. Namoro, L. C. (Ed.). Grade 4 Filipino Modyul (pp 1-19). Kagawaran ng Edukasyon.

Umbal, P. (2016). *Contact-induced change in Heritage Tagalog: Evidence from adjective intensification* (pp 1-53). University of Toronto. http://pocholoumbal.weebly.com/uploads/2/1/3/8/21380710/umbal_gp2_final.pdf

Bionote:

Si Lexter A. Castro ay kasalukuyang guro sa Filipino ng Mataas na Paaralang Rural ng UP. Nagtuturo siya ng mga kursong Filipino 7 – Maignaying Wika at Maunawang Pagbasa at SH-FIL 1 – Komunikasyon sa Wika at Kulturang Filipino. Nagtapos siya ng programang Batsilyer sa Edukasyong Pangwika sa Filipino na May Sertipiko sa Pagtuturo ng Mataas na Antas sa Sekundarya (Filipino-SHS) sa Pamantasang Normal ng Pilipinas noong Abril 2019. Kasalukuyan naman siyang kumukuha ng programang Master ng Sining sa Araling Pilipino na May Konsentrasyon sa Wika at Linggwistiks sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman.